## E. San Juan, Jr.

### Paubaya Sa Ulikba

Nag-uulik-ulik pa sa larong paghuli sa Adarna
Habang dinuro ng udyok ng balahibong gayuma
Hibong pumukaw sa ubod-usbong ng kaluluwa

Tumakas ang sutlang bagwis, umaalimbukay

Ulilang lumipad sa kasukdulang aliw ng ulirat
Tumakas at nagkubli sa ulbong hinabi't
Hinubog sa pugad ng duguang matris ng guniguni—

Sa ugnayang magdamag, umalingawngaw ang pakpak

Kung saan umuukilkil ang uha ng sanggol
Tuksong umugit sa panimdim at umulos sa budhi
Ulinigin ang pagaspas ng sutlang bagwis, umarangkada—

Habang nagtatalik ang buwan at araw sa nagluluksang balat-kayo—

Nabulabog sa hibong ugong ng uyaying tukso
Ungol ungal ng inang nabuntis ng pag-uulik-ulik
Karamay magdamag, naghunos sa ulbong kinamulatan—

Sino'ng huhuli sa libog ng diwang pumaimbulog?

usigin ang hiwagang lulan ng gumiring takipsilim—
Urong-uod sa dahas ng utak ng makatang ulol
Nasilo ng gayumang umigkas sa duguang taring
Hulog ang kaliskis ng hayop panaginip ng umaga.